# MULA SA SILONG
(Filipino Division, Tula Category)

**Simula**

Kahit mga unang tao'y di saksi
sa unang pagsabog ng dilim,
unang bugso ng sinag
o pagguho ng panahon
para magkapanahon. Malaman man
sa kapanahunan ang kanilang agwat
mula sa simula, sa isa't isa,
at sa katapusan, hindi matitiyak
sa ragasa ng unang mga bituin
kung paanong umugong

ang liwanag
                    sa kawalan.

May mga tuldok
na mamamatay, mabubuhay,
tutuloy-tuloy sa pagdaloy,
hahabol sa bilyong taon,
dadagdag sa libong bituing
mabubuhay, mamamatay

muli. Ngunit hindi
silang mga hindi unang saksi
ang hindi makaiigpaw
sa init ng lamig.

MULA SA SILONG
(Filipino Division, Tula Category)

**Paliparan**

Sa mga gabing nilulunod tayo
ng dilim ng langit, bahagya
tayong naniningkit, naghahanap
ng apoy ng dragon, kalahating-
kabayong Centaur, mukha ng oso,
ngipin ng leon, at sungay ng toro.
Itinataas mo ang maliliit kong kamay,
ipantuturo ang daliri sa pananggalang
ni Orion o espada ni Perseus, at isusunod
ang mga laban ni Heracles.

Iginuguhit mo ang lahat sa kuwento
habang wala pa ang Nanay, habang
wala pa ang pagdalaw ng antok.

Sa mga gabing nilulunod ng liwanag
ang langit, inaakala kong planeta
ang pulang ilaw ng poste sa itaas ng gusali
at lulan ka ng nagkukumpulang
bulalakaw sa himpapawid. Iniisip ko:

paano mo ituturo at iguguhit
ang mga asong hahabol sa lobo
kung dalawang hanay ng mga bituin
ang sinusundan mo? Hindi pa rin

darating ang himbing hanggang marinig
ang ugong ng makina at umiikot na elesi
na nagsasanay na sa paglubog ng dilim.

**Odysseus**

Hayaan lang sana aking minamahal,
na ika'y kumutan nitong mga palad,
magdamag dampian katawan mong pagal,
lamig ay sukluban sa init ng yakap.

Hayaang lumapit ang mga daliri
sa kat'wang may ukit ng nagdaang pait,
ako ay guguhit, sana ay mawari—
linyang nakakapit, tila buwang kuwit.

At kung sakali mang humigpit ang kuyom,
sabihin lang, mahal, at ako'y bibitaw
hahakbang palikod, babaling ng tuon—
mula sa malayo'y muling maghihintay.

Isa lang ang hiling: wag sanang itago
mapang nasa palad, pusong magtuturo.

**Baha**

Kulay pisak ang pabalat
ng mga librong inanod,
nagsasalitan ang mga papel
na kulay burak, putik,
at sepia, ang patay
na dahon na nakaipit
sa susunod, ang kulang
na letra, salita, pahina—

paulit-ulit nang dinaanan
ng mga mata, sumalungat
at sinalungat, sa likod
ng balintataw. Ano pa ba
ang mawawala?

**Apoy**

Hindi ko na narinig ang balibag
ng pinto nang lumisan ka
sa bahay. Naiwan mo
ang nakalatag na kambas
sa sahig, banat hanggang haligi,
hanggang apat na sulok
ng inihigang kabalyete.
Liwanag mula bubungang butas
ang liwanag na bumuhos
sa imaheng iginuhit:
bumbilyang basag-basag,
hambang nagkukrus sa gilid
ng kisameng sapin-sapin,
kinulayan ng abo at uling.
Nang hinabol kita palabas,
nabatak ang telang makapal—

ginising ng tubig ang talampakan
at tuluyang nawala ang naiwan.

**Sa Paggising**

*Spontaneous generation is a dream.*
-Louis Pasteur

Kinusot ko ang mga mata
nang isang dahon ang nakitang

tumutubo sa kahoy
sa isang sulok. Isang binhi
na lumalagong walang basbas
ng tubig, walang sikat ng araw,
at walang laman ng lupa; nakapasok
kahit walang bintana.

Maaaring sa panaginip lang
nakita ang eksenang walang
dahilan; sa pagkakahimbing
nabuo ang mga pagkakataong
walang sanhi.

**Grabedad**

Sinimulan na ni Sisyphus:

Mauubos na ang tumpok
ng graba, muling mapapatag
sa dilim ang nabakanteng lote.

Walang sasalubong na pintuan,
durungawan habang nagluluto
ng hapunan o kahit Huling Hapunan.

Walang susuntukin sa galit,
pintong ibabalibag, bintanang
makaririnig ng mga pag-iyak.

Walang litrato ng pamilyang
kalahating-pader lamang
ang napag-ipunan, pinabigat
ng bulsang kalaban
ang bigat ng lupa
habang isa-isang bumababa
ang piraso ng mga batong
pinabibigat ng mundo.

Muli na namang maghihintay
marating ang tuktok ng tumpok.

**Panubigan**

Sinipa ng bata ang unan bago tuluyang
nahulog sa panaginip. Ang sabi-sabi

na ang paggalaw ng paa kung himbing
ay tanda ng paglaki—isa pang gadaliring
sukat sa leeg o binti, sa noo o tuhod,

katulad ng sanggol na lumulutang
sa sinapupunang puno ng tubig,
nakadikit ang ulo sa paa, nakasalikop

sa liwanag na dadaluyan sa labas,
katulad ng katawang nakaputi
at naglalakad palayo sa kadiliman,

katulad ni Icarus na umalpas, lumipad
papalapit sa liwanag ng araw hanggang
sa huli'y di nasagip ng pagsipa sa dagat.

**Dalampasigan**

Sumasabay sa hangin ang alon
papalayo sa laot–
kumakawala, tila sabik
sa pagbabalik sa baybayin.

Humahampas sa tumpok ng grano
ang nagbalik na tubig
hanggang tuluyang sumanib
ang lamig ng tubig-alat
sa init ng buhangin:
isang pabugsong sandali.

Kukunin muli ng laot ang alon,
tangay-tangay ang mga tuyong
dahon at putol-putol na sangang
kumalat sa baybayin. Mananatiling
basa ang buhangin hanggang
sa pagdating ng habagat
at sa muling pagtakas ng alon.

**Takipsilim**

Sa unang daluhong ng liwanag,

*puti*

nakayakap ang hamog
sa nilalamig na lupa,

*asul*

pinaghehele ng dagat
ang naghahalikang ulap,

*lila*

binibisita ng bubuyog
ang namumukadkad na bulaklak,

*dilaw*

lumiligid si Venus
sa kainitan ng araw,

*luntian*

isang iglap.